



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
BAYAN NG MARILAO

Tanggapan ng Punong Bayan

ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020 - 20

NAG-AATAS SA PAGHIRANG NG “DATA PROTECTION OFFICER (DPO)” SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

SAPAGKAT, itinatadhana ng *Local Government Code* ang pagkakaroon ng kapangyarihan ng Punong Bayan na mag-isyu ng mga Atas na kinakailangan para sa wastong pagpapatupad ng mga batas at ordinansa, na naglalayon na magkaroon ng epektibong pamamahala para sa pangkalahatang kapakanan ng mamamayan;

SAPAGKAT, ang *National Privacy Commission (NPC)* ay nag-isyu ng *NPC Advisory No. 2017-01* na may petsang Marso 14, 2017 hinggil sa pagtatalaga ng *Data Protection Officers (DPO)* alinsunod sa *RA 10173 o Data Privacy Act of 2012*;

NGAYON, SAMAKATWID, ako, **RICARDO M. SILVESTRE**, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nag-aatas:

SEKSYON 1. PAGHIRANG SA DATA PROTECTION OFFICER (DPO). - Dito ay itinatalaga si **Gng. Nerriah N. Soriano** bilang *Data Protection Officer (DPO)* sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, at gaganap sa mga sumusunod na tungkulin:

1. Subaybayan ang pagsunod ng mga *Personal Information Controller (PIC)* o *Personal Information Processor (PIP)* sa *Data Privacy Act of 2012* at *Internal Rules and Regulations (IRR)* nito, gayundin sa iba pang naaangkop na mga batas at patakaran. Para sa layuning ito, maaari siyang:

a. Magkolekta ng mga impormasyon upang matukoy ang mga operasyon sa pagpoproseso, aktibidad, hakbang, proyekto, programa, o sistema ng *PIC* o *PIP*, at panatilihin ang isang talaan hinggil dito;

b. Suriin ang pagsunod sa mga aktibidad sa pagproseso, kabilang ang pagpapalabas ng mga *security clearances* at pagsunod ng mga *third-party service providers*;

c. Magpayo at magbigay ng mga rekomendasyon sa *PIC* o *PIP*;

d. Tiyakin ang pag-renew ng *accreditation* o sertipikasyon na kinakailangan upang mapanatili ang kinakailangang pamantayan sa pagpoproseso ng mga datos; at

e. Magpayo sa *PIC* o *PIP* hinggil sa pangangailangan ng pagsasagawa ng *isang Data Sharing Agreement* sa mga *third parties* at tiyakin ang pagsunod sa mga kaukulang batas;

2. Tiyakin ang pagsasagawa ng *Privacy Impact Assessments* na nauugnay sa mga aktibidad, hakbang, proyekto, programa, o mga sistema ng *PIC* o *PIP*;

3. Payuhan ang *PIC* o *PIP* patungkol sa mga reklamo at/o komento ng mga *data subjects* hinggil sa kanilang mga karapatan tulad ng kahilingan para sa impormasyon, paglilinaw, pagwawasto o pagtanggap ng personal na datos;

4. Tiyakin ang wastong *data breach and security incident management* ng *PIC* o *PIP*, kabilang ang paghahanda at pagsumite sa *NPC* ng mga ulat at iba pang dokumentasyon tungkol sa mga insidente ng seguridad o mga paglabag sa *data privacy*; at

5. Magsagawa ng iba pang kaugnay na gawain ayon sa hinihingi ng pagkakataon o sa tagubilin ng Punong Bayan.



📍 2nd Floor, New Marilao Municipal Bldg., Patubig, Marilao, Bulacan

🌐 www.marilao.gov.ph ✉ mayor@marilao.gov.ph 📱 📺 MarileNews



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
BAYAN NG MARILAO

Tanggapan ng Punong Bayan

Atas Tagapagpaganap Blg. 2020 - 20

Nag-aatas sa Paghirang ng “*Data Protection Officer (DPO)*”
sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan
Pahina 2 ng 2

SEKSYON 2. Ang *DPO* ay maaaring makatanggap ng pasahod o *honoraria* na tutukuyin ng Sangguniang Bayan at napapailalim sa umiiral na mga patakaran, alituntunin at pamantayan na itinakda ng Komisyon sa Serbisyo Sibil.

SEKSYON 3. LAANG-GUGULIN. Ang pondo ay magmumula sa badyet ng Tanggapan ng Punong Bayan at ibibilang sa taunang badyet ng nasabing tanggapan.

SEKSYON 4. Ang iba’t ibang mga tanggapan ay inaatasan na ilaan ang lahat ng posibleng tulong upang matiyak ang pagsunod sa naaangkop na mga batas at regulasyon para sa proteksyon ng *data privacy and security*.

SEKSYON 5. Ang pagkakaroon ng bakante sa paghirang ng *DPO* ay awtomatikong mapupuno ng napili o hinirang ng Punong Bayan at gaganap sa kasalukuyang termino. Ang pangalan ng kahalili ay *ipso facto* na kasama sa Seksyon 1 ng Atas Tagapagpaganap na ito.

SEKSYON 6. Ang lahat ng iba pang mga atas, mga patakaran, mga regulasyon o mga bahagi nito na hindi naaayon sa Atas Tagapagpaganap na ito ay pinapawalang-bisa o binabago nang naaayon.

SEKSYON 7. Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat.

NILAGDAAN sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, ngayong ika-7 ng **Hulyo**, sa taon ng Ating Panginoon, dalawang libo dalawampu.

(SGD.) **RICARDO M. SILVESTRE**
Punong Bayan

